

Doon Po sa May Dakong-Hulo: Panimulang Pananalambaw sa mga Kuwentong-Bayan ng Valenzuela

ANTHONY BACULBAS GABUMPA

gabumpaanthony@gmail.com

Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela

ABSTRAK

Naging layunin ng pananaliksik na ito na magkaroon ng kauna-unahang pagtitipon at pagsusuri sa halagahan ng bayan batay sa mga kuwentong-bayan ng Valenzuela. Tinawag ang prosesong ito na “pananalambaw”—salitáng Tagalog-Bulacan mula sa salitáng-ugat na “lambaw” o “lambat” na analohiya ng ginampanang pagtitipon at pagsasalà sa mga kuwentong-bayan sa barangay ng Tagalag at Coloong bílang pook na nagsasabúhay ng palaisdaan sa lungsod.

Nagpaahon ang pananaliksik ng labinlimang kuwentong-bayan na may namamayaning paksa ukol sa kabayanihan, kamatayan, kaparusahan sa kasakiman, at pangangalaga sa kalikasan. Habang naglalaro sa katotohanan at katha ang mga naratibo na nakadantay sa “katatakutan” bílang naghaharing pamanang tono, naging pinák (mababa at maputik na daang-tao) ang tono ng sindak sa mga salaysay upang mabúhay sa mamamayan ang kanilang mahahalagang talà sa kasaysayan, kaalamang-bayan, at mga paniniwala. Nása mga kuwentong ito ang: 1) kasaysayan ng pagtatanggol sa bayan kontra sa mga dayuhang mánanákop, 2) danas at naratibong lokal sa pagdating ng baha, 3) paniniwala sa kaparusahan sa kasakiman, at 4) naratibo ng babae bílang mamamayang may mahalagang tungkulin sa kabihasanan. Sa kabuoan, inaasahan na ang pag-aaral ay magiging ambag sa kalipunan ng mga kuwentong-bayang Tagalog kasabay ng lunggating tuluyang makilala ng Valenzuela ang sarili nitóng mga naratibo na magpupuspos sa pagpapatuloy ng pananaliksik at pagpapakalat ng mga kuwento.

Mga susing salita: kuwentong-bayan, pananalambaw, dakong-hulo, katatakutan

ABSTRACT

The objective of this research was to have the first gathering and analysis of the people's local value from their own folk tales in Valenzuela. This process called "pananalambaw," a Tagalog-Bulacan term from the root word "lambaw" or "lambat" which means fish net, a vital material used in the process of culturing the water, is an analogy of the gathering and filtering of folk tales in the barangays of Tagalog and Coloong as a living fishing area of the city.

The research yielded fifteen folktales with prevailing themes of heroism, death, punishment for greed, and conservation of nature. As narratives based on "terror" play with truth and fiction as the reigning heritage tone, the horror of the narratives has become vivid in order to bring alive to the people their important records of history, folk knowledge, and beliefs. These stories include: 1) the history of the country's defense against foreign invaders, 2) local history and narrative of the coming of the flood, 3) belief in the punishment of greed, and 4) the narrative of women as citizens with an important role in civilization. In conclusion, the study aims to contribute to the collection of Tagalog folktales. Along with the greatest vision, Valenzuela will finally recognize its own narratives that will fuel the continuation of research and the dissemination of urban lores.

Keywords: folklore, fish netting, far-end, terror

PANIMULA: LUMULUBOG NA NARATIBONG VALENZUELANO

Buháy na ang panitikang-oral ng mga Pilipino bago pa man pumasok sa teritoryo ng bansa ang mga mananakop. Sa katunayan, isa sa naging kolonyal na proyekto ng kanluran ay ang tipunin ang kaalamang-bayan ng Pilipinas kabilang ang mga kuwentong-bayan sa láyong magmukhang higit na sibilisado ang mga kolonyalistang Español habang binabakuran ang katubigan at kalupaan ng mga Pilipino. Kolonyalista ang mithiin ng mga ito sa pagbibiláng at paglilista ng mga kultura. Sa pagpapatuloy ng ganitong pangangamkam sa ngalan ng mga dayo, daragdagan pa ito ng suliranin na ang paraan ng pagpapahalaga sa mga naratibong ito ay nakabatay sa oryentasyong kanluranin o kolonyal. Bunga nitó mababanaag ang katotohanan ng paglubog ng mga kuwento ng iba't ibang rehiyon, lalawigan, probinsiya, o mga lungsod at lalong mahihirapang makaahon sa burak ang mga kuwentong-bayan na isinalin-salin mula pa sa mga ninunong Pilipino (Almario, 16).

Dahil dito, hindi malayong magsanga-sanga pa ang problemang pangkalinangan lalo na sa panahon ng globalisasyon na nagtuturo sa bayang lumimot at magbihis ayon sa halagahan ng kolonya gaya ng karanasan ng Lungsod ng Valenzuela. Kayâ ang patuloy na paglalambat sa pulo-pulong kuwentong-bayan ng Pilipinas at maka-Pilipinong págsalát dito ay malaking hakbang upang patuloy ring makapaglayag ang sariling panitikan. Túngo sa ambagang ito ng panitikang pambansa, lumalantad na napakahalaga ng pagtitipon na magsisimula sa maliliit na piraso ng panitikan mula sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas, mapasulok o mapasentro man ng bansa.

Sa loob ng higit dalawampung taon, kinilála ng lokal na pamahalaan ng Valenzuela ang mga Valenzuelanong manunulat ng panitikang pambansa, panitikang lokal,

panitikang popular, at panitikan ng midya mula sa kani-kanilang panahon. Labintatlong manunulat ang tumanggap ng Pagkilala sa Ambag sa Panitikan - Gawad Pio Valenzuela sa pinakaprestihiyosong gantimpala sa mga mamamayan ng Valenzuela na sumusulat ng panitikan at larang ng pamamahayag. Tangan-tangan ng pagbibigay gawad na ito ang pamantayang itinakda ng pamahalaan sa mga tatanggaping natatanging Valenzuelano: (1) dapat ang manunulat o mamamahayag ay ipinanganak at lumaki sa Valenzuela o nanirahan sa Valenzuela sa loob ng 10 taon o higit pa, (2) may napangalang siyang reputasyon ng kredibilidad at integridad sa pagdadala ng balita at impormasyon sa publiko, (3) nagpapakita ng pagkakaroon ng kapasidad na hubugin ang opinyon ng publiko, at iba pa.

Mula sa listahan ng manunulat at mamamahayag na nahamig ng pamantayang ito, isa sa napakatingkad na padrong pinagsasaluhan ng mga tumanggap ng pagkilala ay ang uring panlipunan ng mga manunulat na nása paksiyon ng tradisyonal na intelektuwal. O ang mga nakapagtapos sa mataas na antas ng edukasyon at nanunungkulan bilang mga guro, mamamahayag, at manlilikha para sa midya. Kayâ pangamba ito na ang napagtutuonan lámang sa pagkilala ay lente na nakatutok sa mga manunulat at nása uring peti-burgis bilang boses ng panitikan at naratibo ng lungsod. Sa kritiko nga ng talumpating pang-webinar na *Ang Panitikan ng Valenzuela, ang Valenzuela sa Panitikan*, binanggit na suntok sa buwan kung mababakás sa mayorya ng mga pagsusulat na tumanggap ng Gawad Pio Valenzuela para sa categoryang panitikan ang pook at karanasan ng Valenzuela o ng Polo, Bulacan—na dáting ngalang probinsiya ng Valenzuela (Gracio, 4). Kayâ naman, kapos na maipakilala ang pagka-Valenzuela ng Valenzuela, ang pulo-pulo o tubigang heograpikal na anyo nitó, ang mga mángingisdá at mga mamamayan nitó, kasaysayan ng pananakop, pamimintuho sa Patrong San Roque, mga

pinagsasaluhang karanasan sa tubig-baha, ang putong-pulo, ang arkong-bato, at mga naglipat-bayang angkam sa lungsod na maaaring magtatambis ng natatanging kuwento at wika sa Valenzuela.

Sa papel na ito, tinangkang alamin kung ano-anong mga kuwentong-bayan ng Valenzuela ang malilikom sa mga mamamayan nitó na naninirahan nang hindi bababa ng tatlung taon?, at ano-anong halagahan at pananaw sa mundo ng mga Valenzuelano ang tangan ng kanilang mga kuwentong-bayan?

KASAYSAYANG-BAYAN AT KASAYSAYANG-TUBIG NG VALENZUELA MULA SA IBA'T IBANG SALAYSAY

Kung pag-uusapan ang heograpikal na anyo ng Valenzuela bukod sa mga kapatagan, kaburulan, gulod, at gubat na mayroon ang silangang bahagi nitó, hindi maihihiwalay ang mukha ng mga sapa at ilog bilang estruktura ng bayan sa kanluran. Bago pa ito tawaging Valenzuela, kilalá na ito sa tawag na “Polo” o isla dahil napalilibutan ang bayan at mga nayon ng mga ilog mula hilaga hanggang gawing timog kung nasaan ang Ilog ng Tulyahan. Palibhasa ay malápit sa Maynila, umuugnay ang katubigang ito sa tinatawag ngayong Manila de Bay at Ilog Grande ng Pampanga. Ayon kay Mar Arenas sa kaniyang *Valenzuela: Ang Bayan at Bayani*, maraming katutubong taga-Maynila ang natuklasan ang Bulacan sa pamamagitan ng paglalakbay sa ilog at piniling mamuhay rito. Kayâ ang ikinabubúhay ng mga naglipat-pulong katutubo bukod sa pagtatanim ng palay, mais, tubo, at mga gulay ay pamamangka, palaisdaan, o pananalambaw na pinag-aanihan ng mga bangus, apahap, sugpo, alimango, at iba pang biyayang-dagat (73).

Bunga ng pananakop ng mga Español nagkaroon ng pagbabago sa pagpapangalan at pamamahala sa pook, gaya ng pagtawag ditong Polo na isa sa pinakamalaking puwersang kolonyal na nagtulak ng karahasan at pagpapakasakit sa mga mamamayan ng Valenzuela. Bukod sa mga Español, sinalakay rin ang bayan ito ng mga sundalong Ingles habang nagaganap ang noo’y Pitong Taóng Digmaan (*Seven Years’ War*) at ng mga Japones nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Madilim na bahagi ng kasaysayan nitó ang pagpapahirap at pagpaslang sa daang kalalákihan na inakusahang rebelde mula sa Polo at karatig-bayan ng Obando, Bulacan noong 1944. Habang halos masunog din ang buong Polo at simbahan nitó dahil sa pagsunog sa mga kutang pinagtaguan ng mga mamamayan dahil sa kagagawan ng lábanang Americano-Japones (Arenas, 74–82).

Ayon sa personal na interbyu sa dalubgurong si Roberto Dizon na isinilang sa Wawang Pulo ng Valenzuela, sa kanlurang bahagi ng Valenzuela maririnig ang paggámit ng salitáng “pananalambaw” bilang salitáng Tagalog ng mga Valenzuelano at karatig Bulakenyo sa salitáng pangingsida o pamamansing. Nagmula ito sa salitáng-ugat na “salambaw” o malaking lambat na itinatayo sa mga sapa at sintetik na palaisdaan bilang

pangungultura sa tubig. “Palambawan” ang tawag sa bahagi ng palaisdaang kinultura ng mga mananalambaw o mángingisdâ gámit ang paglalagay ng lambat na magbantay sa mga pinalalaking isda o hipon (Dizon, 2020). Ito ang ginamit na termino sa papel na ito sapagkat malaking bahagi ng piniling pagpook ay nauugnay sa tubig at palaisdaan. Itinuturing din itong analohiya ng paghúli sa mga kuwentong-bayan sa Valenzuela. May tatlong paraang ginamit para makapangalap ng mga kuwentong-bayan sa papel na ito. Nása “pamamangka” ang paunang pagtatanong-tanong at paglapit sa kapitan ng barangay at prinsipal ng paaralan, at pag-iiskedyul at paghahanda sa kuwentuhan na nilaman ng kanilang rekomendasyon. Nása “pananalambaw” naman ang aktuwal na pakikipagkuwentuhan, pakikipagpalagayang-loob, pagtatalâ ng propayl ng mga mananaliksik, at panloob o panlabas na balidasyon sa mga nakalap na datos. At, sa “pagpapaahon” naman naisakongkreto ang pagbuo ng transkripsiyon, pagsulat ng kuwento, pag-uuri, at pagdalumat sa sinasabi at halagahan ng mga nasalambaw.

Gaya nga sa binanggit ni Joselito de los Reyes bílang pagpapakilala sa mga akdang isinulat ng mga Valenzuelano sa antolohiyang *Ang Pulo*, kailangang ibandera ang naratibo ng Valenzuela sa iba’t ibang paraan sapagkat ang karaniwang mamamayan ay hindi hiwalay sa kaniyang bayan:

Paraanin ang mga akdang hinugis ng baha, manggagawa, at araw-araw na pakikihamok sa búhay sa amin, sa arkipelago ng Valenzuelandia na nása kontinente ng CAMANAVA Area (1).

Sa pagsasaliksik sa kasaysayang pampook, ipinapakahulugan ang kuwentong-bayan bílang kaalaman—lohika at agham—na panitikan ng mga sinaunang salaysay na walang kinikilalang may-akda (Reyes, 22). Ibig sabihin, kailangang isakatangian nitó na naipapása-pása ng iba papunta sa iba pang mananalaysay mula sa mga táong kabilang din sa bayan. Maaaring nanggaling ito sa mga nakalipas na henerasyon at nakatatanda o kayâ ay nagpapaikot-ikot sa kasalukuyan búhat sa ngayon. Sa pagsasaliksik ng mga kuwentong-bayan, pinagtutuonan din sa pag-aaral ang manipestasyon ng mga gawi, halagahan, at kaparaanan ng mga mamamayang pinanggalingan nitó higit sa anyo o porma.

Tinaya ni Pier Kelly sa kaniyang “Excavating a Hidden Bell Story from the Philippines: A Revised Narrative of Cultural-Linguistic Loss and Recuperation” noong 2016 ang kahulugan ng mga baryasyon ng kuwentong-bayan tungkol sa nawawalang kampana ng Eskaya na láyong paahunin ang mga naratibo nitó bilang balon ng aspirasyon ng mga mamamayan na makilala sila bílang pangkat na naggigiit ng katutubong identidad at bumubuo ng arsenal ng pakikitunggali kontra sa kanluraning kaisipan. Layunin ng pag-aaral na maipakitang napakahalagang tuklasin ang kalagayang panlipunang pinanggagalingan ng mga kuwentong-bayan gaya ng kasaysayang pambansa at iba pang kagayang kuwento upang ibangga ang kaisahan ng naratibong Pilipino sa isa’t isa at lalong makita nang

malinaw ang panawagan ng lipunang nagsalaysay nitó sa loob ng mga naratibo.

Nagalugad sa mga umiiral na panimulang saliksik sa mga kuwentong-bayan ng Valenzuela noong 2016 nina Fuentes, Verzosa, at Vili ang estruktura ng morpema ng mga pangalan ng mga barangay sa Valenzuela at sinipat ang pinagmulan at konteksto ng mga pangalang ito. Nakapagtalá ito ng dalawang kuwento at lumitaw sa pag-aaral ang kuwentong-bayan ni “Lingap” mula sa barangay ng Lingunan, at kung bakit Malinta ang tawag sa Malinta na mga kuwento mula sa ikalawang distrito ng kapatagan. Mula sa panimulang mga pagsipat na ito, masasabing may potensiyal ang mga kuwentong-bayan na umiinog sa lungsod na masinop at tuklasin ang dalá nitóng kahulugan para sa bayan. Lalo na at walang antolohiya ng mga kuwentong-bayan ang Valenzuela at malaki rin ang pangangailangan na basahin ito bilang mga akdang pampanitikan at pangkasaysayan.

PAMAMANGKA SA BAYAN AT SA DAKONG-HULO

Ang pangangalap ng datos ay sinimulan sa pamamagitan ng paglapit sa mga pinunò at mamamayan ng barangay Coloong at barangay Tagalag na hanggahan ng panimulang pananalambaw. Binisita at iipinakilala ng mananaliksik ang intensiyon na magsagawa ng paunang pagtitipon at pag-aaral sa mga kuwentong-bayan ng mga barangay sa Valenzuela na napaliligiran ng ilog at mga palaisdaan. Bukas-loob namang nagpaanyaya at umagapay ang mga pinunò, mga guro, at mga mananalambaw na nagbigay ng mga pangalan ng mga táong makatutulong sa pag-aaral.

Sa panimulang pagsasagawa nitó, nakatulong sa pag-iskedyul ng mga mananalaysay ang pag-unawa sa mapa ng Tagalag at Coloong para sa pagtukoy ng layo at lápit ng pupuntahan. Ang heograpikal na anyo ng magkadikit na barangay na ito ay kapuwa pahabang tangway o pahabang islang may iisang pasukán at dulong parte, na kung tawagin ng mga mamamayan ay dakong-bayan at dakong-hulo [tingnan sa Figura 1]. Mahalagang mabanggit na napaliligiran ito ng iba’t ibang bayan at ilog ng Bulacan gaya ng Meycauayan at Obando, at sariling maliliit na Ilog Tagalag at Coloong na nakaapekto sa aspektong pangkultura at pangwika ng mga barangay na sinasaliksik.

Sa kamalayan ng mga mamamayan, nahahati sa dalawang dako ang kanilang lugar, ang dakong-hulo at ang dakong-bayan. Kung nása loob ng barangay lalo na noong tinatawag pa ang mga itong baryo, ang dakong-hulo ay ang dulong bahagi ng kanilang pulo kung nasaan ang rumaragasang ilog ng Meycauayan. Samantálang ang dakong-bayan naman ay ang papalabas na bahagi ng kanilang barangay kung nasaan ang paaralan, palengke, at simbahan ng bayan ng Polo. Kalimitang mapunò, liblib, tahimik, at malápit sa dulong kailugan ang dakong-hulo dahil sa direksiyon nitóng papalayo sa sentro ng bayan at hindi napupuntahan ng tao. Dito rin kadalasang itinuturo ng mga mamamayan ang mga tahánan ng kuwento ng hiwaga at kababalaghan gaya ng mga engkantong bantay, bolang-apoy, sirena, ulong-pugot, at pangangamoy patis ng paligid. Kasáma ang mga salaysay ng pagkawala, pagkalunod, at pagkamatay.

Bilang bahagi ng pakikipagpalagayang-loob, dumalaw-dalaw ang mananaliksik at nakikiupo sa mga kubo, bangkô sa parke, tabíng palaisdaan, bahay,




Figura 1. Mapa ng Barangay ng Tagalag at Coloong mula sa Dokumentong Pambayan ng mga Pamaha-laang Barangay, Mapa ng Tagalag at Mapa ng Coloong, 2023.

at saanmang nalililiman at may preskong hangin para marelaks at upang i-set ang pakikipagkuwentuhan. Maingat ding inobserbahan ang pang-araw-araw na bahagi ng kanilang kultura at hanapbúhay upang mas makalubog ang mananaliksik sa danas ng mga kakapanayamin sa kanilang lipunan. Umikot ang puto, kutsinta, biskuwit, mamon, burger, o kaning may ulam na nagsisilbi ring pasasalamat sa bukás-palad na pagbibigay ng oras sa amin. Nakatutulong din sa ilang panimulang engkuwentro ang umagapay sa pagpapakain nila ng inaalagaang bangus, pagsabay sa pamiminlit, ikutin ang palaisdaan sakay ng kanilang niyaring bangka, at humalik sa kamay bílang matandang paraan ng pagmamano ng pagbati at pag-alis. Inisyal na gawain ng kuwentuhan ang pagpapakilala sa layon ng pagdalaw ng mananaliksik. At ipinagpapaalam din sa mga kausap na irekord ang kuwentuhan gámit ang awdiyo-rekord.

Sa mga prosesong ito ng pagpapadaloy, napakahalaga ng maingat na pagtatanong at pakikinig hanggang sa tuluyang magsimula ng pagkukuwento ang mananalaysay. Binubuksan din ng mananaliksik ang sarili na maaaaring magtanong ang mananalaysay upang makabuo ng magaanang ugnayan sa isa't isa. Halimbawa ng mga personal na tanong na naibabato ng mga mananalaysay ay “May asawa ka na ba?”, “May pamilya ka na ba?”, “Tagasaan ka?”, o “Katoliko ba ang mga magulang mo?” na tinugunan din ng mga personal na sagot upang magsilbing paghahain ng katapatan sa usapan.

ANG PANANALAMBAW SA MGA KUWENTONG-BAYAN MULA SA TINIG NG MANANALAYSAY

Dalawampung mananalaysay ang nakakuwentuhan sa loob ng isang buwang pangangalap ng datos na nanggaling sa mga nagsasanga-sangang rekomendasyon mula sa mga nakaalam at nakatatandang mamamayan. Labintatlo rito ay babae at pitó ang mga laláki. Walo sa mga ito ay may pampamayanang tungkulin na nauugnay sa palaisdaan at pagtanim [mángingisdá, namamansing, namamangka, naghahango ng lumot, dáting mananim], limang guro, tatlong opisyal ng barangay (konsehal, sekretarya, tauhan ng barangay), isang promodizer, isang manunulid (trabahador ng pagbuo ng sinulid sa pabrika), isang dáting mananahi, at isang dáting medical secretariat. Sila ay mga nása edad na tatlumpu hanggang walumpu't anim (30–86) na naninirahan sa barangay Coloong at Tagalog nang tatlumpung taon pataas. Karamihan sa kanila ay ipinanganak, nagkapamilya, at nagtrabaho sa barangay ng Tagalog o Coloong mulang pagkasilang, habang ang iba ay nakapangasawa ng tagarito at dito na rin nagtatag ng pamilya hanggang sa pagtanda.

Ang mga kuwentong ibinabahagi nila ay nanggaling sa kanilang alaala at mga kuwentong ipinása sa kanila ng mga nakatatanda (karaniwan ay yumao na),

kamag-anak, o kaibigan. Ayon sa mga mananalaysay, nananatili at may silbi ang mga kuwentong-bayang ito o kung tawagin ng ilan ay “kuwento-kuwento” upang (1) sagutin ang mga tanong ng mga batà o dayong humihingi ng linaw tungkol sa kanilang lugar at iba pang penomeno sa loob nitó, (2) magsilbing libangan, (3) magpatawa, (4) ipaliwanag ang mga kababalaghan at mga kamangha-manghang pangyayari, at (5) mabalikan ang tradisyon, kasaysayan, at ipinamanang katuruan ng mga nakatatanda at kanilang mga ninuno. Ito halimbawa ang malinaw na sagot ng mga gurong nakapanayam sa Mababang Paaralan ng Coloong gaya nina Ma'am Dom at Ma'am Mila kasáma pa ang ibang guro at lingkod ng simbahan na si Ate Ida na umugat na sa lugar at nakasaksi ng mga kuwento at kung paano ito kumalat sa paraan ng pagpapása-pása ng mga nakatatandang mamamayan. Natatangi rito si Miguela “Ma'am Mila” Salazar, na kilalá ng nakararami bílang retirado at respetadong guro. Iginugol niya ang malaking bahagdan ng kaniyang búhay sa pagtuturo at paglilingkod sa lumalaking mga batà ng Coloong. Siya na nakapag-uuri sa mga hiwaga at kinatakatang-kuwento sa loob ng paaralan at malinaw na nakapaglalarawan sa anyo ng Coloong sa nakalipas na mga dekada.

Ayon sa *Folktales: A Moral Message from the Past to the Future*, malinaw sa mga sitwasyon ng pagkukuwento na nagiging pangunahing gámit nitó ang maging libangan, nagbibigay ng kaalaman at proteksiyunan ang pananatili ng kultura mula sa isang pamayanan (Dahal, 31). Ang ganitong tungkulin ng mga kuwento ay nagsasanga-sanga talaga dahil habang nakapagpapalipas ng oras ang mga mamamayan nagkakaroon din sila ng mahahalagang impormasyon tungkol sa kanilang bayan, at bigyang-armas ang mga mamamayan lában sa panganib sa loob mismo ng kultura (cultural environment).

Sa paraan naman na ginagámit ng mananalaysay sa pagkukuwento, kakikitaan ito ng naturalidad habang dumudukal sa kanilang kolektibong alaala. Hindi sila natatakot gumamit ng mga lokal na salita na pasulpot-sulpot kong hinihingan ng paglilinaw o paliwanag mula sa kanilang pagkakaunawa; halimbawa ay ang mga salitáng binlit, huya, minandal, o kuliblib na bagaman Tagalog ay banyaga sa akin at hindi nakatalá sa diksiyonaryo. Sapagkat nangyayari ang kuwentuhan sa loob ng kanilang komunidad, mababa o walang tensiyon na namamagitan lalo na at ayon sa kanilang mga pagbabahagi, ang isang tipikal na kuwentuhan ay laman ng pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa isa't isa gaya ng inúman, ututang-dila sa tahanan o kasabay ng paghahanapbúhay, pagtambay-tambay sa labas, pamamahinga sa mga kubo, pamiminlit, pagpapalipas ng oras sa ilalim ng punò, pagtanaw sa mga palaisdaan, o kayâ ay bahagi ng pagsasalindila ng mga kaalaman ng matatanda at guro sa loob ng eskuwelahan, simbahan, at iba pang mga pagtitipon.

ANG MGA KUWENTONG-BAYAN SA SALAMBAWAN NG VALENZUELA

Pagkatapos ng proseso ng pagsalambaw ng mga naratibo, maingat na isinulat ang mga kuwentong-bayan at muling bumalik sa pamayanan ang mananaliksik upang ipabása o iparinig sa mga nagsalaysay ang naisulat na kuwento. Tiniyak ang katumpakan ng interpretasyon para sa layuning magkaroon ng pagdaragdag, pagbabawas, at rebisyon sa papel bílang panghuling bahagi ng pagsasateksto ng kuwento. Narito ang buod ng mga kuwentong-bayan na naging batayan ng pagsusuri:

Kuwentong-Bayan	Buod
Bolang Apoy	<p>May isang bolang apoy kung tawagin ng mga mamamayan, na namamasyal sa palibot ng Tagalag. Isang nagliliyab na engkantong tila hangin. Madalas itong makikitang pagúlong na lumulutang sa sabana at mga pilapil ng palayan o palaisdaan. May mga gabi na ipinagmamalaki ng bolang apoy ang nagniningas niyang anyo na kitang-kita dahil lumilikha ito ng maliwanag na repleksiyon sa ibabaw ng tubig. Ang turo ng mga namamalaidsaan nang minsan itong makita sa dakong-hulo, ang bolang apoy raw ay tanda ng kaaway at kapahamakan. Ang sabi pa ng matatandang kuwento-kuwento, makikita ang mga itinagong kayamanan ng tao sa ilalim ng lupa kung saan lulutang at lulubog ang bola. Ngunit hindi ito basta-basta maaaring hukayin dahil magiging sanhi ito ng malawakang baha at pagkagunaw ng mundo.</p>
Gintong Inahin	<p>Ang gintong inahing manok kasama ang kaniyang mga gintong akayin ay isang uri ng engkantong puti na nagbibigay ng palatandaan sa tao kung saan matatagpuan ang gusi ng kayamanan sa ilalim ng lupa ng isang bayan. Maaaring maluwag na ipagkaloob ng engkanto ang kayamanan ng ito sa sinumang may mabuting espiritu o kalooban. Ngunit matandang paalala na sumisingil din ito ng búhay ng sinumang basta-bastang huhukay ng kayamanan nang hindi nagbibigay ng alay. Sa tulong ng mga manggagamot at nakauunawa ng pag-aalay sa mga engkanto, kailangang ibuhos sa lupa ang katas ng sagang puti, isang uri ng baging kung saan nakitang kumalahig ang gintong inahin at ang kaniyang mga sisiw upang makaahon sa ilalim ang kaban ng ginto. Kapag nagtagumpay ang isang may mabuting puso, nagbibigay ang mga engkanto ng iba't ibang hiyas at iba pang mga kayamanan mahalaga sa tao tulad ng manik, hikaw, kuwintas, singsing, barya, pilak, at ginto.</p>
Mga Sirena sa Tulay	<p>Noon sa dakong-hulo, matatagpuan ang tulay na tinatawiran ng mga mamamayan at mga nagpapasan ng punta na kumakarga sa mga naaning palay at iba pang gulay mula sa sakahan. Sa tuwing inaabot ng des-oras ng gabi ang mga tumatawid, nakaririnig ang mga nagdaraan ng magagandang boses ng mga babaeng nagkakantahan sa ibabaw ng tubig. Doon nagpapakita ang mga sirenang naliligo sa ilalim ng tulay sa mga lalaking nagpapasan ng punta at mga dayong dumaraan. Mag-ina raw itong naglilinis ng kanilang katawan sa liwanag ng tahimik na buwan. Ang banggit ng mga residente, senyales ang lubhang paglansa ng tubig sa paligid na nariyan na ang mga sirenang namamasyal sa ilog at mga palaisdaan. Paglipas ng panahon, unti-unting humina ang tulay at tuluyang gumuho noong dinumog ng bigat ng mga tao. Bagaman usap-usapan pa rin na nariyan pa rin sila at namamasyal sa tubig lalo na sa mga pagkakataong nangangamoy-patis ang gabi.</p>
Ang Ilog na Humihingi ng Buwis	<p>Noong hindi pa nalulubog ng tubig at palaisdaan ang pilapil na daanan papuntang Ilog Tagalag, mas malayang nakatatawid ang mga tao para maminlit, mamangka, o magpaaraw. Gayunman, sa kabila ng mga kasiyahan ito ay ikinababahal rin ng mga tagarito ang kuwento ng taon-taóng pagkuha ng búhay ng mga lalaking dumarayo sa ilog. Iba-ibang bersiyon ang paraan ng pagkuha ng buwis ng ilog. Ika nila, kagawan ito ng sirenang nanghahatak mula sa ilalim ng tubig. Lumilikha ng isang malalim na hoyo ang sirena upang palubugin ang mga bangkang sinasakyan at lunurin ang dayo o lalaking maaakit niya. Bukod dito, may mga kuwento rin ng isang babaeng kumakaway sa ilog na humihingi ng tulong sa mga lalaking bumibisita. Kaluluwa diumano ito ng dalagang nagbigiti sa palaisdaan dahil sa naging kasawian noon sa nobyong pinakamamahál.</p>
Ang Multo ng Babae sa Lambingan	<p>Noon sa Ilog Coloong ay may tinatawag na “lingahan” (ngayon ay Malanday) na may kakahuyan na kung tawagin ay “Lambingan.” Sapagkat malinis at presko pa ang hangin noon, madalas itong pugaran ng mga dayo at mamamayan lalo na kung gabi o piyesta ng San Juan. Tinitindigan ito ng mga nagtataasang mga punò ng sampalok, sinigwelas, mangga, at iba pang punòngkahoy na nagiging tagpuan ng mga magsing-irog na nagsusuyuan. Naroon din ang iba pang mga punò na nakahilig sa isa't isa at waring sumasabay ng lambingan sa kakahuyan. Tumanda na ito nang nakahapay dahil sa mga nagdaang bagyo. Ika nga ng matatanda, lambingan ang bansag ng mga tagarito dahil, “sa dami ng mga magkakasintahang parang mga palakang nagkapatong-patong.”</p> <p>Des-oras ng gabi, kasagsagan ng pamamahinga ng mga tao, nang may isang babaeng humahagulgol at nagsisisigaw ng saklolo. Humahangos ito mula sa ilog at nagkakakatok upang humingi ng tulong sa mga natutulog. Sa tákot sa naririnig, walang nagbubukas ng pinto. Ayon sa mga kuwento-kuwento, basang-basá ang buong katawan ng babae at tumatagaktak pa ang tubig mula sa katawan hanggang makarating sa kalsadahan palayo sa lingahan. Kinabukasan, iba't ibang hinala ang humangos sa pintuan ng mga tao kung saan gáling at saan nakarating ang multo ng babae sa Lambingan. Ika ng matatanda, pinagtangkaan daw itong pagsamantalahan sa ilog. Ang sabi naman ng nakarinig, nakahingi ng tulong ang babae papalayo sa mga humabol sa kaniya habang ang iba ay naghihinalang tuluyan itong naglaho pagdating sa kalsada ng mga tao sa layuning makalayo lámang sa Lambingan.</p>

<p>Ang Nawawalang si Valentina</p>	<p>Pitóng taóng gulang noon nang nawala si Valentina sa baryo ng Tagalag. Bunso ito sa magkakapatid at may maganda at mabilog na pangangatawan. Tumawid ito noon sa tuyo pang lupa ng Tagalag papuntang Coloong kung saan siya huling nakitang tumatakbo-takbo at nakikipaglaro sa ibang batá. Banggit ng mga albularyo, kinuha si Valentina ng “matanda” at dinala ito sa kanilang mundo sa ilalim ng lupa. Hanggang ngayon, 70 taon na ang lumipas ay palaisipan pa rin sa mga mamamayang nakakaalala sa kaniya ang pinatunguhan ng tuluyang paglaho ni Valentina sa ibabaw ng mundo.</p>
<p>Si Kulot</p>	<p>Si Kulot ay isang batang laláki, kulot na kulot ang maikling buhok, maitim ang balát, at makikitang nakahubo. Ayon sa suspetsa ng matatanda, ito ay ang tiyanak ng Coloong. Namatay si Kulot sa edad na anim na taon nang hindi man lang nabibinyagan at itinapon ng kaniyang mga magulang sa kuliblib na gubat ng dáting baryo. Pinaniniwalaang binibigyang-búhay siya ng tubig at nanimirahan sa likod ng matandang paaralan sa tabi ng malawak na palaisdaan.</p>
<p>Batá sa Sanga</p>	<p>Alas-dos noon ng madalíng-araw, pagkatapos ng magdamag na pamamalaisdaan ng tatlong magkakaibigang mángingisdá, sabay-sabay siláng nagtanawan at nag-akayan ng bangka upang makauwi. Pabalik na sila sa pampang nang makarinig sila ng isang batang tawa nang tawa. Umaalingawngaw sa malawak at madilim na palaisdaan ang ingay nitó. Mayá-mayá, natanaw nila itong nakaupo sa isang gadaliring sanga ng punò na kung tutuosin ay magiging dahilan ng pagkabali at pagkahulog nitó sa tubig. Sa tantiya ng mga mángingisdá, halos nása apat na taóng gulang ang bata. Hubo’t hubad ito. Nang madama nilang sila ang pinagtatawanan ng misteryosong batá sa sanga, walang lingon-lingong pumaspas ng pamamangka ang tatlong mángingisdá. Kinabukasan ng araw na iyon, tatlong poste sa lugar ang nabuwal. Kahit wala namang dumaang bagyo sa magdamag.</p>
<p>Hinagpis mula sa Tinabunang Balon</p>	<p>May isang tinabunang matandang balon sa dulo ng isang bukirin sa Tagalag, na may maririnig na kapangi-pangilabot na ungol at malakas na hiyaw mula sa ilalim ng lupa. Ang kuwento ng matatanda, hinagpis daw ito mula sa isang nagdurusang kaluluwa na maririnig kung hapon hanggang patakipsilim. Kasagsagan noon ng giyera ng mga Hapon nang nagkampo ang mga gerilya sa dakong-hulo ng manggahan sa loob ng baryo. Sa lugar na ito bumubuo ang mga gerilya ng lungga at mga taguan kung saan nila tatabunan ang sarili ng dahon ng niyog upang hindi makita ng mga kalabang dayuhan. Malaki rin ang silbi ng kutang ito sa oras ng panunukol. Nakatatakas sila nang mabilis gamít ang kahabaan ng ilog na tumatawid patungo sa iba’t ibang baryo ng Bulacan noon.</p> <p>Panahon ng pagkukutá ng mga Hapon sa simbahan ng padakong-bayan, naging usap-usapan sa Tagalag ang isang laláking nagpanggap na maglalangis para makapasok sa looban. Tinatawag nila itong “makapili,” isang Pilipinong nag-eespiya sa mga gerilya para isumbong sa mga Hapon. Sa oras ng pagsusuplong, nagtatalukbong ang makapili ng bayong sa ulo saka itinuturo sa mga Hapon ang kapuwa Pilipinong nagrebelde laban sa kanila. Kayá nang malaman ng mga gerilya sa manggahan ang pagmamatyag na ito, palihim nilang dinakip ang maglalako ng langis at inihulog sa balon. Bilang kaparusahan, inilibing nila ito nang búhay sa ilalim ng lupa kung saan siya nagpakasakit hanggang sa kaniyang kamatayan.</p>
<p>Ulong-Pugot sa Akasya</p>	<p>Bukod sa maladagat-dagatang palaisdaan, ang dáting baryo ng Tagalag ay kilalá ring napalilibutan ng iba’t ibang mga punò at halaman na nagiging kanlungan ng hiwaga at katatakutan. Sa isang kuliblib na lugar na tinatawag noong Kay Bulaklak ay may lumang bahay na nagsasaboy ng amoy ng sampagita sa daan. Lumalaki ang ulo ng mga napapadaang nag-iigib ng tubig, naghahango ng lumot, o mga nagtatambak sa tuwing maaamoy nila sa hangin ang mababangong bulaklak na inaalay sa mga patay.</p> <p>Sa kabilang dako naman noon ng dáting manggahan ng baryo, ikinukuwento ng mga matatanda na dito ibinaon ang mga bangkay ng mga biktima noong kasagsagan ng giyera ng Hapon. Nangangamoy-patis ang paligid kapag namamasyal na ang mga kaluluwa ng mga ninuno na humihingi ng hustisya at inilibing dito. Isa sa mga nagpapakitang biktima ng karahasang ito ay ang ulong-pugot na lumilitaw sa punò ng akasya. Laláki itong nakasuot nang itim na itim na baro. Lalo pa itong kinatakutan noon dahil pinupugaran ang akasya ng malalaking bayakan na bigla na lang magliliparan sa gabi. May mga kuwento rin noon ng mga magpipilapil na kapag umuulan ay nakakasalubong nila ang ulong-pugot sa daan at nagpaparamdam na naroon na siya sa likuran at sumasabay sa tao sa paglalakad.</p>
<p>Katataga, Nalaglag!</p>	<p>Noong unang panahon, may tungkuling pampamayanan na kung tawagin ay “tagalaglag.” Dalá ang pinatalim na mga itak, umaakyat ang mga babae o laláki sa punò para tagain at ihulog sa lupa ang bunga ng niyog at mga dahon nitó. Esensiyal ang mga dahon gaya ng pagkuha ng mga sasá na madalas ginagamít bilang dingding o bubungan ng mga pawid at bahay-kubo na tiráhan at pinagkakakitaan ng mga tagarito.</p> <p>Isang araw, sa tabi ng masaganang ilog ng mga namiminlit at namamante sa kani-kanilang mga palaisdaan, may isang babaeng tagalaglag ang nag-iipon ng kaniyang gagámiting pangatong. Inakyat nitó ang punò ng bakawan at pinagtataga ang mga sangang gagámitin. Mayá-mayá, sa gitna ng paglalaglagan ng mga kahoy, hindi niya namalayan na tinataga na rin ng itak niya ang sanga ng punong kinakapitan. Laking gulat ng lahat nang bumagsak sa ilog ang tumataga ng mga sanga. Kayá naghahalakhan ang mga nakakitang namiminlit at namamansing sa paligid.</p> <p>Ang kuwento-kuwentong biruang ito ang isang kuwentong pinagmulan ng ngalan ng baryo ng Tagalag. ‘Ika nga nila, “Katataga, ayun, nalaglag!”</p>

<p>Alamat ng Tagalog</p>	<p>Noon sa bayan ng Polo, may isang malawak na kapatagang may malusog na lupa. Masagana itong nililinaan ng palay, tuba, pakwan, singkamas, kamatis, talong, kawayan, sitaw, upo, at mga sasa. Maging ang matataas na hibla ng damo ay nagsisilbing palaruan ng mga bata.</p> <p>Nang maglaon, unti-unting naging mapang-abuso ang tao. Araw-araw kung mag-ani sila nang labis, lagpas sa pangangailangan. Kayâ unti-unti ring naubusan ng malusog na pagkaing damo ang mga kalabaw. Pati mga ibon ay nawalan ng mga punong masisilungan. Nagalit ang Bathala sa nakita. Kayâ isang gabi, nagpadala ito ng malalakas na kulog, kidlat, at walang humpay na ulan. Umaga na nang gumising ang mga mamamayan nitô at tumambad sa kanila ang malawak na dagat-dagatan na lumunod at lumamon sa kanilang taniman na kailanman ay hindi na humupa. Dahil dito, nagsimulang magpiyesta ang mga dalag, suwahe, bangayngay, ayungin, kagang, liwalo, tilapya, bidbid, bangus, at biya.</p> <p>Magmula noon, tinawag na ang mga mamamayang nabúhay sa masaganang pagsasâka ang kanilang mga sarili bilang mga "Taga-ilog." Nagsilbi itong pag-alala at pagsisisi sa sala ng paghahangad nang labis ng tao. Ngayon, ang bayang ito ay tinatawag na "Tagalog" na isa sa pinakakilalang barangay na palaisdaan sa Lungsod ng Valenzuela.</p>
<p>Dayong Manananggal</p>	<p>Isang gabi noon sa probinsiya ng Coloong, naiwan ang magkapatid na Lele, pitóng taóng gulang at Ipen, anim na taóng gulang sa kanilang bahay na yari sa kahoy. Napaliligiran pa noon ng malawak na bukid at palaisdaan ang lugar at bihirang mabisita ng koryente. Nang gabing iyon, ang mga magulang at iba pang kapatid nina Lele at Ipen ay nakikinoon ng mga programang pantelebisyon sa tahanan ng kanilang tiyuhin. Maya-maya habang bantay-bantay ng bahay, napansin ng dalawang bata ang isang malaking ibon na papalapit sa kanilang bintana. Sinusubukan nitóng pumasok sa bahay na parang hayok na hayok na mandagit ng tao. Hanggang sa matiyak ng kanilang mata na ang malaking ibon ay isang taóng may malalaking pakpak, putol ang kalahati ng katawan, at may mahabang itim na itim na buhok. Hindi ito makapasok sa bintana sa lapad ng kaniyang anyo. Kayâ noong makatiyempo ang mga bata, dali-daling lumabas ang magkapatid sa pinto ng kusina at tumatakpong nagpunta sa bahay ng tiyuhin para humingi ng tulong sa kanilang magulang. Nagsipaglabasan ang kanilang ama at iba pang taong nakikinoon ng telebisyon nang marinig ang saklolo ng mga bata. Kaniya-kaniya silang damputan ng mga buho ng kawayan para tugisin ang manananggal. Bagaman, lumipas ang magdamag sa paghahanap sa kasukalan ng baryo nang hindi nila ito natutugis. Suspetsa ng matatanda, kanina pa ito nakalipad papalayo nang marinig ang ingay ng tao.</p>
<p>Mga Kaluluwang Pumapara</p>	<p>Hatinggabi noon, mataas pa ang tubig ng pinapahupang baha nang maengkuwento ni Nanay Ligaya ang maglolong nag-aabang ng masasakyan. Tinanong niya ang mga ito nang makasalubong, aniya "Gabi na po, saan po ang punta ninyong maglolo?" Sagot nila, "Dyan lang, makikisakay at mayroong daraanan." Nang makausad at tumuloy sa lakad, mayâ-mayâ ay humahangos na nagbabala kay Nanay Ligaya ang isang traysikel drayber na, "Mag-ingat ka diyan ate, may dalawang sumakay sa akin, bigla na lang nawala!" na pinagtaasan ng balahibo ng mga nakarinig. Gaya ito ng kuwento ng magsa-sidecar na de-padyak, isang gabi nang nagkaroon ng okasyon sa lugar. Pumara at sumakay ang isang laláking naka-Amerikana (nakabarong). Palibhasa ay hindi kilalá, ipinagpalagay niya itong bisita sa handaan. Matipid itong magsalita at hindi umimik sa kabila ng pagkukuwento ng drayber. Mayâ-mayâ nang makarating sa highway, nakita niya na lang na wala na siyang kausap sa biyahe. Sa takot, hindi na muling nag-side car ang drayber pagkatapos ng engkuwentro.</p> <p>Ayon sa may kakayahang espiritwal sa Coloong, kasama nang naninirahan ng tao ang mga kaluluwa. At ugali ng mga ito na makipaglaro. Ang mga ligaw na kaluluwang ito ay hamanang ng pagkakataon na makausap ang mga may búhay, bumisita, at subukin ang tapang at pandama ng mga tao.</p>
<p>Ang Kuwento ng Mahal na Patrong San Roque</p>	<p>Ayon sa bersiyong kuwento-kuwento ng mga taga-Coloong, si San Roque ang dakilang manggagamot na may kasa-kasamang aso at anghel sa tuwing nagkakawanggawa sa tao. Ang mga namimintuho kay San Roque ay nakaiwas sa malalaláng sakít o napapagaling mula sa mga galis, atake ng epilepsiya, at iba pang mga nakahahawang karamdaman. Napatunayan ito ng mga mamamayan noong pagalingin ng santo ang bayan pagkatapos iprusisyon sa daan dahil sa pananalasâ ng salot na sakít na malarya na kumalat sa mga nagbakwit sa gubat. Kayâ sa panahon ng pandemya, ang bilin ng matatanda, hindi dapat natakot ang mga tao na muling iprusisyon ang imahen ni San Roque lában sa COVID-19 sapagkat may kakayahang itong muling pagalingin ang bayan.</p> <p>Isa pang matatandang kaugalian bunga ng himala ng San Roque ay paggabay nitô sa tuwing may makakasulubong na asong hindi kilalá at may banta na makagat sa daan. Hihingi lámang ng tulong sa santo at babanggit ng maikling dasal, "Mano po San Roque, aso ninyo po'y itabi" o "Mano po San Roque, aso po'y itali ninyo sa poste." Pagkabanggit nitô, dere-deretso lang ang lakad nang walang lingon-likod ay magagabayan na ng San Roque ang nanalangin nang hindi napapahamak. Bukod dito, tumutupad din ang San Roque ng mga panalangin, ang mga unang bumibisita sa simbahan nitô ay maaaring magbitaw ng tatlong kahilingan at diringgin ito ng santo. Hanggang ngayon dahil sa mga himala ng pagpapagaling, at ang patuloy ng pagtindig ng simbahan sa kabila ng mga relihiyon at digmaang dinala ng mga Espanyol, Ingles, at Hapon, taon-taon tuwing Mayo sa Valenzuela ay nagsasagawa ng sayaw-pasalamat alay kay San Roque ang mga deboto sa bisita ng Mabolo upang tumanaw sa mabuting gawa o humiling ng mapaghighalang kagalingan mula sa dakilang santo.</p>

PAGPAPAAHON SA MGA KUWENTONG-BAYAN AT KATATAKUTAN BÍLANG PABIAYAN NG KAALAMANG-BAYAN AT PAG-UNAWA SA LIPUNAN

Ayon kay Veneracion, bagaman ang lalawigan ng Bulakan ay kuta ng iba't ibang mamamayang may pinanggagalingang iba-ibang ekolohiya, hindi ito naging sagabal sa pagbuo ng isang panlalawigang kultura at kamalayan mula sa kanilang yamang-bukid, tubig, at iba pang materyal na produksiyon (36). Sa pagtukoy ng kaalamang-bayan mula sa mga kuwentong-bayan, mahalagang nakikita ang tahanang naliligid ng tubig at lupain túngo sa pagtuklas ng kakaniyahan nitó bílang kuwentong-bayan (Almario, 28). Bahagi ng mga kuwentong-bayan ng Valenzuela ang pagbanggit sa salaysay ukol sa paglulungaw, kultura ng pananalambaw, hanggang sa naratibo ng baha.

Para sa mga mamamayan, iba-iba ang silbi ng lungáw bílang isang agrikultural na espasyo. Ito ay malalim na hukay sa lupa na ginagámit bílang imbakan ng mga bunga, o anumang itinatapi o itinatapon mula sa gawaing pagtatanim. Sa mga mamamayan ng Bulakan at batay sa mga naratibo, may espesyal din itong tungkulin dahil nagagámit itong maliit na tila kuweba bílang taguan sa tuwing dumarating na ang mga Hapon. Kuta ito upang hindi matanaw ng mga eroplano sa himpapawid o ng mga nagmamatyag sa daan. Kailangan lang takpan ang bunganga nitó ng iba't ibang mga dahon gaya ng niyog o damo upang hindi tuluyang masilip. Ang lungaw kung gayon kasáma ang silong ay metapora ng resistans ng mga mamamayan sa pagpapanatili ng kaligtasan kontra kapahamakan at proteksiyon ng identidad na mayroon sila bílang isang bayan.

Ang mga kuwentong ito ng pagbabaon sa lupa gaya ng itinuturo ng temang mayroon ang “Bolang Apoy” at “Gintong Inahin” sa Tagalog at Coloong ay baryasyon ng mga nawawalang kayamanan at bahagi ng imahinasyon ng pagtatago ng ginto sa lupain ng mga Pilipino. Gaya ito ng nakatagong American silver dollars, Japanese gold bars, at ang mga hinihinalang milyon-milyong yaman ng dáting pangulong Ferdinand Marcos Sr., o ng maalamat na paghahanap sa Yamashita Treasure kaugnay ng pananakop ng mga Hapon. Ang kayamanang ito ay ipinagpalagay na nakatago sa isang lugar na malápit ngunit hindi naaakses o hindi maaabot ng mga ordinaryong tao. Nariyan halimbawa ang kuwento ng isang kampana ng simbahan na itinago ng mga lokal na mamamayan upang maiwasan itong mahulog sa maling mga kamay ng mga dayo (Kelly, 86-87).

Gayundin ang paggámit ng “ginto” bílang namamayaning paksa sa karakter ng gintong nilaláng gaya ng gintong manok na nása kuwento ng “Gintong Inahin.” Pinahahalagahan ito ng mga mamamayan at ipinagtatangol. Ang paniniwalang ito ay maaaring ugat ng iba't ibang suliranin, una ng karahasan dulot ng giyera at pagnanais na magkaroon ng maalwang búhay ng mamamayan dahil sa pananamantala ng mga panginoong maylupa at mga nangangapital.

Samantála, malaganap din ang kultura ng pangingsda sa Valenzuela lalo na nang tuluyang nilamon ng tubig ang mga dáting sakahan at naging pokus ng mga mamamayan ang luminang ng sintetik na palaisdaan. Sa wika pa lámang na ginagámit ng mga ito, makikita na buháy ang pagkukultura sa kanilang mga tubig: namiminlit (binlit), nananalambaw (lambaw), namamalakaya (palakaya), namamante (pante), namamansing (pansing), nangungulong (kulong), namamaril (baril), nangingilaw (pangingsda ng may ilaw), nangangawing o nangangawil (pangawil), namimingwit, namamangka, namimilapil, naghahango ng lumot, at nagtatambak. Ito na mga baryasyon ng iba't ibang proseso ng panghuhuli ng isda o kayá ay trabahong ukol sa paglinang ng katubigan.

Natuklasan dito na may iba't ibang kaalamang-bayan na isinasapraktika sa pangingsda ang mga mamamayan: (1) may búhay ang mga palaisdaan dahil nagbibigay ito ng pabor sa mga nagtitirá ng húling isda para sa kinabukasan o bago ang bagyo at pinagdaramutan ang mga nagiging sakim gaya ng penomeno ng “pagsamá ng tubig” (fish kill) kung kailan napepeste ang mga isda, (2) upang maiwasan ang pamemeste, dapat patayin ng mga pangingsda ang mga janitor fish, (3) gumagámit ang mga mángingisdâ ng pabiyayaan bílang maliit na lalagyan ng mga nahuhúling isda at tansi (sinulid na ginagámit sa binlit) sa ibabaw ng mga palaisdaan para mailang ang mga langay-langayan at bakaw na dumagit ng mga inaalagaang isda, (4) nakabibingwit ng palaka ang mga mamamayan sa pamamagitan ng pain gámit ang bulaklak ng gumamela, at (5) may ilang residente na nag-aalay muna ng kanin sa tubig bago maglambat o kumulong ng isdang kakainin o ititinda upang maging ligtas sa pag-atake ng mga lamanlupa sa tubig na hinihinalang tinitiráhan ng mga ito.

Ang ganitong mga kaalamang-bayan ay matagal nang nagsisilang ng baryasyon lalo na at inilarawan ni Veneracion na may magkakaibang paraan ng pangingsda sa Bulacan batay sa kondisyong pangkalikasan ng tubig: malalim o mababaw na tubig. Sa pangkatubigang anyo na mayroon ang Valenzuela na may mababaw na daungan, mapansarili ang pamamalakaya na nangyayari dahil halos lahat ng pamilya ay may sariling bangka at baklad na kumukulong sa bawat palaisdaan kung saan palalakin ang kanilang bininhiang mga itlog ng isda (23). Ang ganitong sistema ay umiikot na kalakaran sa Polo at Obando. Mga bayang lubog sa tubig at pinaupahan na ng pamahalaan sa mga piling kontratista bílang mga palaisdaan upang umani ng mga isdang ikinukulong sa mga baklad at palaisdaan (24). Sa Tagalog at Coloong halimbawa, buháy na buháy pa rin sa mga pamilyang naninirahan sa tabing-palaisdaan ang pangungulong, pamamante, pamiminlit, pananalambaw, at pabiayan. Halimbawa sa kuwentong “Bata sa Sanga,” makikita kung paanong ginagámit na oportunidad ng mga mángingisdâ ang gabi para mas madaling makasalakab ng mga isda. Gumagámit sila ng ilaw upang matanglawan ang mga isda na natutulala sa liwanag sa gitna ng dilim. Sa kuwentong ito rin makukuha ang kaalamang-bayan ng mga mángingisdâ ukol sa biyayang dalá ng tubig.

Dagdag pa, nakabubuo rin ang mga mángingisdâ

ng kaalamang-bayan tungkol sa pag-ulan. Bagaman suliranin ang biglaang bugso nitó sa mga manananim, tumutulung naman sa mga mángingisdâ ang ulan upang mas makahuli ng marami dahil lumalápit ang mga isda sa pinakaaplaya. Nalalaman ng lahat ng mamamayang naninirahan sa Tagalog at Coloong na ang ulan at mga baha ay parte na ng araw-araw na búhay ng mga mamamayan. Makikita ito sa kuwento, paraan ng pagpapahayag, at pagsasakaranasan ng mga mananalaysay sa panahon. Halimbawa, isa sa matandang kaalaman sa pagbisita ng ulan o bagyo ay ang kapahamakan na dalá ng kidlat. Ayon sa mga nakatatanda, sa isang bayang laging may balita ng natatamaan ng kidlat kahit tag-araw pa, tiyempuhan ang pagdating nitó. Kapag sumusugod ang kidlat, upang hindi dagitin ng kulog, hindi dapat sumilong sa kahoy ang mga magsasaká at mángingisdâ dahil tiráhan iyon ng mga hayop at insekto gaya ng alupihan. Dahil mga hayop ang dinadagit ng kulog at kidlat. Bukod dito, nariyan din ang mga ekspresyon na nag-uugat sa baha gaya ng “Wala nang mga albularyo o manggagamot, tinangay na ng baha,” o ekspresyong “Umihi lang ang palaka, baha na!” na karanasan din ng mga mamamayan sa “Alamat ng Tagalog,” at “Mga Kaluluwang Pumapara.” Samantála, bahagi rin ang ulan sa kuwentong “Si Kulot” na ang pag-ulan sa dapithapon ay senyales ng pagdating ng mga kababalaghan.

Ang kababalaghan na bahagi ng usaping katatakutan ay pamanang tono sa pag-unawa ng lipunan sa Valenzuela. Malaganap ang tono ng katatakutan sa mga kuwento ng mga mananalaysay na may kabuoang labing-apat na naratibo. Mayorya sa mga tonong ito ay gumagámit ng temang kababalaghan at mahikal. Sa katatakutan, makikita kung paano nagpapaulit-ulit ang namamayaning paksa ng gabi, kamatayan, eskuwelahan, multo, engkanto, at iba pang kakaibang nilaláng. Nabubúhay ang ganitong mga pormula ng kuwento sa Valenzuela kasáma ang pananaw-mundo ng mga mamamayan sa mga nilaláng gaya ng bersiyon ng manananggal, sirena, gintong inahin, bolang apoy, tiyanak, at tanda sa punso.

Ang mga kuwentong-bayan na ito na kung tawagin ay mga kuwentong-kababalaghan (wonder tale) ay umiikot sa “tákot” dahil sa mga kakaibang nilaláng na may kamangha-mangha o hindi kumbensiyonal na anyo. Hindi tulad ng karaniwang tao o hayop, hindi konstant ang pag-iral nitó sa mata, at pinaniniwalaang nananahan sa alternatibong mundo gaya ng mga multo, engkanto, at iba pang kakaibang nilaláng. Ayon kay Edgar Samar sa “Tungkol sa Multo,” ang mga multo ay nakasalalay sa presensiya ng mga aktuwal na bagay o mga táong totoong nabuhay. Nagkakaroon lalo ng esensya ang mga multo dahil may kápit ito sa mga bagay na may katotohanan na pangunahing katangian din ng mga kuwentong-bayan. Samakatuwid, sapagkat metapora ng mga kuwentong-lungsod (urban legend) ang mga totoong nangyari sa lipunan, mananatili rin ang mga multo bílang mga karakter ng ganitong naratibo.

Ang mga kataka-takang pangyayaring ito ay kinapaloolooban ng mga hindi maabot ng isip ng tao. Ibig sabihin, dahil ang mga pagkakathang-isip na ito ay ipinagpapalagay na kasabay na nangyayari sa

materyal na mundo, tákot ang dinadalá sa mamamayan ng mga bagay na hindi kontrolado at hindi masúkat ng tao. Gaya ng tagpuan ng gabi: ang oras sa isang araw kung kailan lalong nawawalan ng kaseguraduhan dahil sa dilim. O kahihinatnang kapahamakan sa tao lalo na kung ang wakas ng kuwento ay maaaring matapos sa kapahamakan o kamatayan. Isa pa, mahalagang tingnan din ang eskuwelahan, traysikel, usapin ng COVID bílang modernong ubod ng kuwentong-kababalaghan kung saan nangyayari ang napakaraming kuwentuhan at paanakan ng imahinasyon mula sa mga mamamayan. Ayon kay Almario, hindi malábong mangyari ito dahil ang mga kuwentong kababalaghan ay minomoderno o binabago upang makasunod sa panahon at lalong maging kapani-paniwala (221). Tulad ng naging pag-aaral ni Merlie Alunan sa mga susumaton ng Leyte, kasáma sa mga pumupukaw ng imahinasyon na ito ang mga kuwento ng katatakutan, dahil ang pakikinig at pagkukuwento nitó ay maiihalintulad din sa pagbisita sa mundo ng kawalang kaseguraduhan (xxii).

Kapares ito ng kasaysayan na salaysay ng pugót o multo na lumipas ngunit maaaring bigla na lámang bubulaga at magbabalik. Na ang tákot ay maaaring arukin bílang tagapagdala ng kilabot o alayan ng paggalang. At kapag nabubúhay nitó ang mahahalagang lumipas na, nagkakaroon ng tilaok ang mga mamamayan para magising sa dalá-dalá nitóng mensahe. Kayâ sa tulong ng katatakutan bílang pamosong tono ng kuwentong-bayan sa Valenzuela, sisilában nitó na mapag-uusapan ang pananalasa ng umiinit na klima, paglában sa karahasan at pananakop, o pag-alam sa mga pinagdaanan ng kanilang mga ninuno. Na tugon din ng mga mamamayan sa mapanganib na pagnonormalisa ng mga maykapangyarihan sa mga alalahaning panlipunan na dapat iproblematisa. Ang puwersang ito ng “katatakutan” bílang tono ang tumatawag ng pansin upang mabahala ang pamayanan sa inaakala nilang pangkaraniwan.

Batay sa mga ebidensiyang tekstuwal na tinuntungan ng mga naratibo sa salambawan, nakatalá sa mga kuwentong-bayan na may temang katatakutan ang danas at pakikibáka ng mga mamamayan sa marahas na pananakop ng mga dayuhan sa Valenzuela: Kastila, Ingles, at Hapon. Halimbawa, maliwanag ang depiksiyon sa nangyaring pambobomba, pamamaslang, at pagbanga ng mga gerilya sa kalupitan ng mga Hapon. Ayon kay Arenas, noong panahon ng himagsikan sa mga Kastila, namuhi ang mga taga-Polo sa mga dayuhan nang makita nila ang makasariling layon ng banyaga at umabuso sa pakikipag-ugnayan sa mga katutubo. At dahil malápit sa Polo ang Maynila at Pugad Lawin, naging kasapi ang mga mamamayan nitó sa pagbuo ng kuta ng Katipunan at naging dahilan para maging mainit ang mata ng mga nanakop sa mga mamamayan nitó (78). Ang mga sagupaang ito upang palayain ang bayan ay naging tampok na suliraning kinaharap noong panahon ng pananakop. Nagpatuloy pa ang latay ng karahasan at mga pakikibákaing ito na makikita sa kuwentong “Hinagpis mula sa Tinabunang Balon” nang isinakatawan ng mga gerilya ang pagtatanggol sa bayan sa tulong ng sistematikong resistans sa dayuhan noong 1942–1944.

At ang walang pagsantong paggawad nila ng parusa sa isa sa Makapiling nagpanggap na maglalangis. Ang mga Makapili na tinawag na Makabayang Katipunan ng mga Pilipino ay ironikong bansag sa mga Pilipinong nakikipagsabwatan sa imperyalistang hukbo ng mga Hapon na trabahong magturo kung nasaan at sino-sino ang mga gerilyang Pilipino na nagpaplano at lumalában sa kolonya ng Hapon. Dahil dito, itinuring silang mga taksil sa bayan.

Pinatutunayan ang kasaysayang ito sa talá ni Arenas mula sa mga tunay na karanasan ng Valenzuela noong sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kung kailan maraming taga-Polo ang nagtanggol sa bayan sa bihis ng pagiging gerilya at naging kakampi ng mga Americano sa pamumuno ni Koronel Edwin Ramsey (80). Bagaman may tumindig bilang resistans, hindi ito naging madali dahil sa mga Makapili na nagkakanulo sa bayan at hindi naglaon ay nagbunga ng pagtortyrur at masaker sa halos 100 kalalákihan mula sa Polo at Obando na dinakip, pinahirapan sa liwasan, saka pinagpapatay. Ngunit ang hindi nakasulat sa aklat-pangkasaysayan ng Valenzuela ay ang tákot at karanasan sa dahas sa iba pang Valenzuelanong proletaryo, batà, sibilyan, o mga pamilya na pinipiling laging magtago sa kanilang tahanan o kabukiran.

Dagdag pa sa mga taláng ito ng penetrasyon ng karahasan ng dayo, makikita na saksi ang mahahalagang gusali sa pamayanan gaya ng simbahan at paaralan bilang tagpuan ng mga seryosong usapin at alaala ng mahahalagang pangyayari sa bayan gaya ng mga nása kuwentong “Bolang Apoy” at “Hinagpis mula sa Tinabunang Balon.” Ani ni Arenas, nagpadalá ang mga pampublikong paaralan ang mga Americano at nagpadala sila ng mga gurong sundalo mula sa iba’t ibang bahagi ng bansa. Sa bayan ng Polo, itinatatag ang Polo Elementary School noong 1904 kung saan din nadeestino ang iba’t ibang mga gurong Americano (79).

Nang dumating ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, hindi masúkat ang pinsalang idinulot ng giyera gaya ng pagkasunog ng simbahan ng Polo dahil sa paghuhulog ng mga bomba ng hukbong putí dulot ng pinaniniwalaan nilang pinagkukutaan ito ng mga Japones. Ang pangyayaring ito ng pagbuo at pagkukuta sa sentro ng komunidad ay malinaw ring tinatalakay sa kuwentong “Bolang Apoy” ukol sa pagkakahukay ng ebidensiya ng giyera (bomba, bala ng kanyon, at bungo) na nilalandas sa mga mamamayan ng mahikal na apoy. Ang ganitong pag-iiwan o pagbabaon ng ebidensiya ng giyera ng mga Americano ay hindi na iba sa mga Valenzuelano. Katunayan, ayon sa Valenzuela City Cultural and Tourism Development Office, sa Malinta (isa pang barangay sa Valenzuela), may natagpuan noong isang kanyon mula sa naging lábanán ng Americano at taga-Polo sa Malinta. Inilagay ito ng mga Americano matapos ang lábanán para markahan ang pook kung saan napatay si Col. Harry Clay Egbert noong Marso 26, 1899 ng mga sundalong Pilipino at tinatawag ngayong Egbert Memorial Cannon.

Sa madalíng sabi, malinaw na lagakan ang mga kuwentong-bayang tampok ng balik-tanaw sa kasaysayan

suson-suson ng kilabot bílang tono. Ayon kay Samar sa kaniyang *Mga Nilaláng na Kagila-gilalas*, matagal nang ginagamit ng ating epiko, alamat, at iba pang matatandang salaysay ang kahiwagaan at katatakutan na may sangkap ng mga kakaibang nilaláng (149) at hanggang ngayon ay nabubúhay pa rin ito dahil habang tumataas ang pagiging kakatwa ng kuwento ay lalo ring umaakyat ang pag-asam ng mga mamamayan na maláman ang totoo sa mga pagitan nitó. Ang mga pangunahing karakter na matitiyak pa bílang halimbawa ay ang mga lamanlupa, halimaw, at aswang na mas kilalá sa temang kababalaghan sa panitikan man o lipunan ng Pilipinas. Na bagaman kataka-taka ang mga ito, pakikinggan pa rin ng tao at ipagpapasalin-salin lalo na at nahahaluan pa rin ito ng katangian ng pagiging kapani-paniwala sa kabila ng mahihiwagang nilaláng at pangyayari na nása loob ng mga kuwento (Almario, 215). Nagiging sandigan din ito ng kababaan ng loob ng mga mamamayan na nagtuturo sa kanila ng pagsasapraktika ng respeto. Binubúhay rin nitó kung gayon ang matandang paraan ng pagkukuwento ng mga Pilipino búhat pa sa iba’t ibang pangkat etniko ng Pilipinas. Ito rin ang nagtutúlak upang magpatuloy ang pagiging malikhain, kritikal, at pagiging matapang sa kabila ng kawalang kaseguraduhan. Kultural na pagdidikdik din ito dahil nagpapakita ang katutubong kaalaman ng singkretisasyon at pagsabay sa namamayaning paniniwalang Kristiyano na pangunahing katangian ng oral na kultura ng mga Tagalog ang pagsasanib-puwersa ng tradisyong Katoliko sa banggit ni Lazaro sa kaniyang *A Survey of Approaches in Philippine Oral Literature Scholarship* (206).

Nagluluwal ngayon ang unang balangkas pangkasaysayang ito na nása mga kuwentong-katatakutan ang kamalayan na may silbi ang mga kuwento upang magpaalaala ng pangyayari sa nakaraan at paano kumilos ang ninunong mamamayan. Na may dakilang paghahangad ng bayan na hindi maulit ang karahasan at pang-aabuso mula sa kapangyarihang iginigiit ng mga imperyo at ito ay ang rebolusyon ng masa sa pananakop. Sa ganitong diwa, ang pagkukuwento kung gayon ay pagpapanatili rin ng kasaysayang-bayan ng mamamayan.

Kayá mas nakatatokot ngayon ang hindi paniniwala dito, dahil kung mamamatay ang paniniwala nila na salamin ng araw-araw nilang pagkatakot, pinapaslang nila ang kultura mismo na ang tungkulin ay makapagpamulat ng isip o magbigay ng kamalayan sa mga nangyayari sa lipunan. Ito ngayon ang nagsisilbing pamana sa kasalukuyan na nagpapaikot ng mga paksang kailangang pakinggan at pagpasa-pasahan.

KONGKLUSYON

Sa loob ng mga kuwentong-bayan, isinalaysay nitó ang polaridad ng mga dako na nása heograpikal na mapa ng mga mamamayan: ang dakong-hulo at ang dakong-bayan. Ang dakong-bayan ay talinghaga ng mga kuwentong-bayan ukol sa kolonyalismo, imperyalismo, kapitalismo, at patriyarka na araw-araw kinakabaka ng mga mamamayan na nása gawíng sulok. Pasasaringan ng

mga kuwentong-bayan na rito nakatindig ang simbahang binasbasan ng mga Español, ang paaralang pansikod na ipinatayo at naglilingkod sa mga puti o naghaharing-uri, ang pamilihan ng mayayaman [gaya ng palengke ng Polo], kasáma pa ang pamahalaang monopolyo rin ng kahaláhihan. Batay sa kuwento, ang mga karakter na nása sentralidad ng dakong ito ay ang mga Santong Patron at ang mga bidang kuwento sa fairytale na nása loob ng mga aklat ng Pilipinong mag-aaral.

Datapwat, naroon naman sa kabilang-dako ang dakong-hulo kung saan nahahabi ang mga karakter gaya ng bolang-apoy, mga sirena, ulong-pugot, at ang materyal ng lungaw, balon, at pangangamoy-patis ng paligid. Narito sa dakong-hulo ang talinhaga ng taumbayan ukol sa pagsasarili o awtonomiya. At ang mga karakter na kanilang nilikha at binubúhay ay pagbobodega rin nila ng mga armas sa araw-araw na panahon ng pagsasalba sa identidad. Ibig sabihin, sa kabilang-dulong ito nagaganap ang agaw-búhay, agaw-identidad ng mga Valenzuelano sa mánanákop. Na kung isesentro halimbawa ang pagbása sa liyab ng “Bolang Apoy” [ang pinakanauulit na karakter ng kuwentong-bayan sa kamalayan ng mga mananalaysay], mahalaga ang sinasabi ng talinhaga nitó tungkol sa pagtatanggol ng taumbayan sa usapin ng giyerang pisikal at kultural.

Samakatwid, ipinakikita ng mga kuwentong-bayang ito ang larawan ng pagmamalasakit sa identidad at minanang mga kaalamang-bayan. Ang pangunahing silbi nitó na magpaliwanag ng pang-araw-araw na kultura, búhay, at kamalayan ng bayan. Ang ganitong depiksiyon ng kultura ay nakagagampan ng tungkuling isabúhay ang kanilang identidad at ang pag-uulit-ulit na ito ay salamin ng pagpapahalaga sa kultura. Nagiging pugad ng saping-saping awtentikong kalinangan, wika, at pagkakakilanlan ng bayan na makikita sa kanilang pang-araw-araw na búhay, at sa kanilang mga awtentikong kuwento. At kung huhubarin ang salitáng “takot” mula sa mayorya ng mga kuwentong-bayan, tangan-tangan nitó ang katotohanang humuhubog ang di-materyal na kultura

ng pamumuhay ng mamamayan at nakapagpapaunlad ng sariling identidad bílang panapat sa mga kulturang kolonyal na nagbihis sa kaakuhan ng mga mamamayan nitóng natapos na daantaon.

Kayâ naman mula sa tuklas na ito, iminumungkahi ng pag-aaral sa pamahalaan, akademya, at susunod na iskolar na aaralin ang katulad na paksa sa Valenzuela ang sumusunod na tagubilin. Una, makabuo ng mas malawak na proyekto sa pagtitipon ng mga kuwentong-bayan. Maaaring magsimula ito sa mga barangay, guro, o anumang uri ng mga mamamayan lalo na iyong nása laylayan. Ikalawa, maglaan ng mas mahabang panahon at oras ang susunod na mananaliksik sa pangangalap ng karagdagang kuwentong-bayan. Kasáma ang paggalugad sa iba pang mga mamamayan sa bawat sulok ng Valenzuela na maaari pa ring ibatay sa mapa at kalagayang heograpikal ng Lungsod ng Valenzuela. At ikatlo, magkaroon ng muling pagsasalaysay [retelling] sa loob at labas ng mga pamayanan gaya ng pagsasatula, pagsasadulá, pagsulat ng maikling kuwento, paggawa ng pelikula, sayaw, pagpipinta, at iba pa. Makabubuti rin kung magkakaroon ng silid na magsisilbing repositoryo ng mga panitikang-bayan ng Valenzuela. Kasabay ito ng inkorporasyon ng mga kuwento sa kurikulum ng edukasyon ng Valenzuela mulang elementarya hanggang kolehiyo.

Bílang paglalalahat, gaya ng pananalambaw ng Coloong at Tagalag, ang pagkukuwentuhan sa mga kuwentong-bayan ay pagbabakod sa yamang oral anumang uri ng pagbabago ang dumating sa bayan. At ang mga kuwentong-bayang ito ang nagiging dahilan upang mapalawig ang talakayan sa kultura at sistema ng paniniwala ng isang bayan. Dahil lagi at laging sasalaminin ng pag-aaral na ito na hindi lumilimot ang bayan sa kaniyang sarili. Sagwan ang kanilang alaala at kakayahang magpása-pása ng mga kuwento, magsisilbi itong layag upang labánan ang paglubog ng kanilang identidad sa pusod ng kawalan.



SANGGUNIAN

Adan, Marren Araña, at Fernandez, Rogerick, mga editor. *Ang Pulo*. Tomo 1, blg. 1, 2020. Valenzuela Arts & Literary Society.

Almario, Virgilio. “Ang Pagpanitikan sa Panitikang-Bayan.” *Ang Panitikan sa Panitikang-Bayan*, Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2020, 72–105.

———. “Panggabi ng Lagim.” *Ang Panitikan sa Panitikang-Bayan*, Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2020, 215–239.

———. “Sina Juan Tamad, Juan Sadut, Juan Pusong, Pilandok, at ang Kuwentong Nagpapatawa.” *Ang Panitikan sa Panitikang-Bayan*, Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2020,

240–297.

Al-Shwillay, Dhiffaf. “Folklore as Resistance in Postcolonial Narratives and Cultural Practices: Hawaiian, African American, and Iraqi.” Disertasyon, University of Hawai’i, 2019. <http://hdl.handle.net/10125/63497>.

Alunan, Merlie M. *Susumaton: Oral Narration of Leyte*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2016.

Arenas, Mar DJ. *Valenzuela: Ang Bayan at Bayani*. Valenzuela: Museo Valenzuela Foundation, Inc. Valenzuela Historical and Cultural Society, 1997.

Arosa, Sudhir K. “Presentations of Postcolonialism in English.” *Creation and Criticism*, tomo 26 at 27, blg. 7, 2007, 29–42. Inakses noong Mayo 1, 2023.

- www.researchgate.net/publication/342499790_Postcolonialism_Theories_Issues_and_Applications.
- Bartlett, Lesley et al. "The Anthropology of Literacy." *A Companion to the Anthropology of Education*. Unang Edisyon, Black Well Publishing LTD, 2011. www.researchgate.net/publication/230271368_The_Anthropology_of_Literacy.
- Bascom, William R. "Folklore and Anthropology." *The Journal of American Folklore*, tomo 66, blg. 262, 1953, 283–290, JSTOR. Inakses noong abril 8, 2021. www.jstor.org/stable/536722.
- Castillo, Laurence Marvin S. "The (Anti) Colonial 'Awit' of Juan Tamad Didacticism and Subversion in a Colonial Metrical Romance." *Philippine Studies: Historical & Ethnographic Viewpoints*, tomo 65, blg. 3, 2017, 357–386. JSTOR. Inakses noong Marso 9, 2021. www.jstor.org/stable/26621923. Naakses noong 9 Marso, 2021.
- Catapang, K, et al. *Pagsusuri sa mga Alamat at mga Kuwentong-Bayan tungkol sa Lawa ng Sampalok at ang Kaugnayan nitó sa Araw-araw na Pamumuhay ng mga Mangingisdâ ng San Pablo, Laguna*. Unibersidad ng Pilipinas - Los Baños, 2015.
- Dizon, Roberto. Personal na Pakikipanayam. Hunyo 3, 2021.
- Eugenio, Damiana, editor. *Philippine Folk Literature: The Folktales*. Unang Edisyon. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, 2001.
- . *Philippine Folk Literature: The Legends*. Ikatlong Edisyon. Quezon City: Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, 2002.
- . *Philippine Folktales: An Introduction*. *Asian Folklore Studies*, tomo 44, blg. 2 (1985): 155–177. doi:10.2307/1178506.
- Fansler, Dean Spruill. "Filipino Popular Tales." *Memoirs of the American Folklore Society*, blg 1, 1921. The American Folklore Society.
- Fuentes, Christian T., Verzosa, Aldhen B., at Vili, Quings-R S. "Istruktura ng Morpema at Pamuhatan ng Pangalan ng mga Piling Lugar sa Lungsod ng Valenzuela: Batayan sa Pagbuo ng Pokloriko sa Valenzuela." Di-gwaradong Pananaliksik, Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela, 2016.
- Gracio, Jerry. "Ang Panitikan ng Valenzuela, ang Valenzuela sa Panitikan." *VALS Webinar: Ang Pulo-pulong Panulat: Ang Panitikan ng Valenzuela, ang Valenzuela sa Panitikan*. Valenzuela Arts and Literary Society Z [Facebook Page]. Inakses noong Agosto 29, 2020 sa www.facebook.com/watch/live/?ref=search&v=409849986660130.
- Javier Jr., Roberto. "Paraan Po: Ang Oryantasyon ng Kapuwa sa Metodo ng Pananaliksik." *Hasaan Journal*, tomo 1, blg. 1, 2016, 21–46. Inakses noong Pebrero 20, 2021. www.ejournals.ph/article.php?id=10346.
- Kelly, Piers. "Excavating a Hidden Bell Story from the Philippines: A Revised Narrative of CulturalLinguistic Loss and Recuperation." *Journal of Folklore Research*, tomo 53, blg. 2, 2016, 86–113. Inakses noong Setyembre 1, 2022. www.jstor.org/stable/10.2979/jfolkrese.53.2.04.
- Lazaro, Patricio B. "A Survey of Approaches in Philippine Oral Literature Scholarship." 1975. Disertasyon, Northwestern University, Inakses noong Abril 21, 2021. www.proquest.com/docview/302786230?accountid=47253.
- Legaspi, Felisa R. "Ang mga Awiting-Bayan ng Bataan: Isang Pag-aaral ng Pampulungan-Pangkasaysayan." Disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1981.
- Maceda, Teresita Jimenez. *PP 399. Pananaliksik sa Panitikan ng Pilipinas*. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, 2018.
- . *Saliksik sa Panitikan at Malikhaing Panulat sa Pilipinas*. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, 2019.
- Majerano, Danim R. "Ang Nagbabanyuhay na Hulagway ng Mutya ng Pasig bilang Lunduyan ng Kahulugan, Kasaysayan, at Kapangyarihan." 2012. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Graduwadong Pananaliksik.
- Maramba, Asuncion David. *Early Philippine Literature from Ancient Times to 1940*. Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2006.
- Mata, Roberto C. "Ang mga Ilog sa Loob ng Sinaunang Bayan ng Meycauayan: Ugnayan ng Heograpiya at Tradisyon." *Malay*, tomo 19, blg. 2, (2006): 86–113. www.ejournals.ph/article.php?id=7888. Inakses noong Pebrero 18, 2016.
- Reyes, Wensley M. *Abakada ng Kasaysayang Pampook – Kartilya sa Pananaliksik at Pagsusulat ng Kasaysayan ng Bayan*. Manila: Limbagang Pangkasaysayan, 2020.
- Samar, Edgar Calabia. *Mga Nilalang na Kagila-gilalas*. Quezon City: Adarna House, Inc, 2019.
- Santos, Jose P., editor. *Ang Malulos sa mga Dahon ng Kasaysayan (Mga Ulat ni Don Antonio Bautista)*. Bulacan: Guiguinto Printing Press, 2000.
- Sentro ng Wikang Filipino. *Anotasyon ng mga Tesis at Disertasyon sa Filipino (Tinipon ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman)*. Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2018.
- Tuloy ang Progreso, Valenzuela! The Official Website of the City of Valenzuela. *Gawad 2021 Dr. Pio Valenzuela: Pagkilala sa mga Katangi-tanging Valenzuelano*. City Government of Valenzuela, 2011.

www.valenzuela.gov.ph/gawadrrpio/awardee.
Naakses noong 26 Mayo, 2021.

_____. *Tagalag*. City Government of Valenzuela,
2011. www.valenzuela.gov.ph/search/query/tagalag.
Inakses noong Setyembre 1, 2022.

_____. *Coloong*. City Government of Valenzuela,
2011. Inakses noong Setyembre 1, 2022. www.valenzuela.gov.ph/the_city/barangays/Coloong.

Veneracion, Jaime. *Kasaysayan ng Bulakan*. Manila:
Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, 1986.

Yu, Rosario Torres. “Muling Pagsasalaysay ni Jose Rizal
ng ‘Ang Búhay ni Matsing at Pagong’: Ang Talas ng
Mahina Lában sa Tuso ng Malakas.” *Malay Journal*,
tomo. 25, blg. 1. 2012, 77-90. [www.ejournals.ph/
article.php?id=8026](http://www.ejournals.ph/article.php?id=8026).



Si **ANTHONY BACULBAS GABUMPA** o Gâ ay ipinanganak at patuloy na tumutuklas sa Lungsod ng Valenzuela. Nagtapos siya ng programang Batsilyer sa Pansekundaryang Edukasyon, medyor ng Filipino (Cum Laude) sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela kung saan siya kasalukuyang instruktur sa kolehiyo ng mga kursong Filipino, panitikan, at pananaliksik. Siya ay may gradwadong digri na Master ng Arte sa Araling Pilipino (Panitikan ng Pilipinas at Antropolohiya) sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Miyembro siya ng iba't ibang organisasyon na nagsusulong ng panitikang Filipino at pagsusulat tulad ng 207 Collective, Valenzuela Arts and Literary Society, at Ateneo National Writers Group. Sa kasalukuyan, ilan sa pinagkakaabalahan niya ay pagbababad sa pagsulat at pagtatanghal ng tula, masining na pagkukuwento, at pananaliksik na nakasentro sa mga kuwentong-bayan ng mga lungsod túngo sa muling pagsasalaysay nitó.